

5

Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwartar 1

Aralin

6

Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 5

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Kuwarter 1: Aralin 6 (para sa linggo 8)
TP 2023-2024

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo Manunulat: • Ace Adaya Sarmiento (Manuel L. Quezon Elementary School – SDO Manila) Tagasuri: Elanor O. Bayten (Pamantasang Normal ng Pilipinas) Mga Tagapamahala Pamantasang Normal ng Pilipinas Sentro ng Pananaliksik para sa Kalidad Pangguro SiMMER National Research Centre
--

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

GMRC/BAITANG 5/UNANG KUWARTER (Aralin 6 – para sa ikawalong linggo)

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng sariling pananampalataya, ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito sa sariling pananampalataya o paniniwala.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbuo ng repleksiyon sa wastong pagpapakita ng kahalagahan at paglilinang ng sariling pananampalataya ayon sa pagbabasa at mga tanda mula Banal na Aklat.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naisasabuhay at nakapagsasanay ng pananampalataya sa pamamagitan ng paglalaan ng oras ng pananalangin at pagbabasa ng mga Banal na Aklat. a. Naiisa-isa ang mga kahalagahan ng sariling pananampalataya b. Nahihinuha na ang kahalagahan ng sariling pananampalataya ay nagpapatatag ng kalooban na pinanggagalingan ng wastong asal at pag-alam ng mabuti at masama c. Nakabubuo ng repleksiyon o mga paraan ng pagbibigay-halaga sa sariling pananampalataya d. Naipaliliwanag na ang kahalagahan ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito sa sariling pananampalataya o paniniwala ay mahalagang paraan upang maingat at mapalalim ang kaniyang pag-unawa sa mga mahalagang aral ng kinabibilangang relihiyon e. Naisasakilos ang wastong paggamit at pag-iingat ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito ng sariling pananampalataya o paniniwala
C. Nilalaman	Mga banta sa pamilyang Pilipino sa paghubog ng pananampalataya.
D. Integrasyon	SEL – Panlipunang Kamalayan at Responsableng Pagpapasya, Araling Panlipunan - Relihiyon at Pananampalataya, Mga kilalang talata (verses) sa Bibliya o mula sa Qur'an

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Morillo, H. M., Capuno, J. J., & Mendoza, A. M. (2013, January 1). *Views and Values on Family among Filipinos: An Empirical Exploration*. Asian Journal of Social Science. <https://doi.org/10.1163/15685314-12341278>

OpenAI. (2024). ChatGPT (2024 version) [Large language model]. <https://chat.openai.com/chat>

Santillan. (2020, September). *Filipino resiliency and neoliberal Christianity*. ResearchGate. Retrieved April 25, 2024, from https://www.researchgate.net/publication/348447622_Filipino_resiliency_and_neoliberal_Christianity

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman


Unang Araw

Maikling Balik-aral

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

Gawain

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang banal na aklat na isinasalarawan sa bawat bilang. Isulat ang letra ng iyong kasagutan.



_____ 1. Ito ang pangunahing banal na aklat sa *Theravada Buddhism*. Binubuo ito ng tatlong bahagi: Vinaya Pitaka (mga alituntunin sa monastiko), Sutta Pitaka (mga sinasabi ni Buddha), at Abhidhamma Pitaka (mga teoretikal na pagsasalarawan).

Ang mga halimbawang gawaing ito ay makakatulong upang higit na mapalalim ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga nakaraang aralin. Maaaring dagdagan ang mga aytem sa bawat gawain.

Susi ng pagwawasto:

	_____ 2. Ito ay itinuturing na pinakabanal na aklat sa Islam. Ito ay binubuo ng mga salita na itinuturing na ipinahayag mula kay Propeta Muhammad mula kay Allah. _____ 3. Ito ay isa sa mga pinakamahalagang teksto sa Hinduismo. Ito ay bahagi ng epikong Mahabharata at naglalaman ng mga turo ni Krishna kay Arjuna. _____ 4. Ito ay binubuo ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Sa Lumang Tipan, matatagpuan ang mga sinaunang katuruan at mga kuwento ng mga propeta. Sa Bagong Tipan naman mababasa ang mga salita at mga gawa ni Hesukristo at ng mga unang Kristiyano. _____ 5. Ito ang banal na kasulatan sa Judaismo na binubuo ng tatlong bahagi: Torah (mga katuruan at kuwento ng panimula), Nevi'im (mga aklat ng mga propeta), at Ketuvim (mga aklat tulad ng Awit, Mga Kawikaan, at iba pa).	1. <i>E</i> 2. <i>A</i> 3. <i>C</i> 4. <i>D</i> 5. <i>B</i>
B. Paglalahad ng Layunin	1. Panghihikayat na Gawain Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain. A. Panuto: Kumuha ng isang short bond paper at itupi ito sa dalawang bahagi. Sa unang hati, iguhit ang isang simbolo na maiuugnay mo sa salitang PAMILYA. Sa ikalawang hati naman, iguhit ang ang isang simbolo na maiuugnay mo sa salitang PANANAMPALATAYA. Kulayaan ang parehong simbolo. Humanda sa pagbabahagi sa klase kung bakit ito ang mga simbolong iyong iginuhit.	Ang gawaing ito ay may malaking kontribusyon sa pagkuha ng pansin ng mga mag-aaral. Sundan ang modelo ng gawaing inihanda. Maaaring baguhin, palitan o dagdagan ang mga pamprosesong katanungan.

Mga Katanungan:

1. Paano mo mailalarawan ang gawain?
2. Ano-ano ang iyong mga naging batayan sa pagguhit ng mga simbolo na maiuugnay mo sa salitang pamilya? Pananampalataya?
3. Kung iuugnay mo ang dalawang salita, anong isang kaisipan ang iyong mabubuo?

2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin

Ang pananampalataya ng pamilyang Pilipino ay may malalim na ugnayan sa kulturang Pilipino at sa impluwensya ng Kristiyanismo, na siyang pangunahing relihiyon sa bansa. Ang karamihan ng mga pamilyang Pilipino ay Katoliko, ngunit mayroon ding mga muslim, protestante at iba pang sekta. Sa pamilyang Pilipino, ang pananampalataya ay mahalaga at itinuturing na pundasyon ng kanilang buhay. Ito ang nagbibigay ng gabay sa kanilang mga gawi, kaugalian, at pag-uugali. Ang mga araw ng pista at pasko (sa mga Katoliko), Ramadan (sa mga Muslim), pagdalo sa simbahan, at pagdarasal bilang isang pamilya ay bahagi ng pagpapahayag ng pananampalataya at masiglang kultura.

Malimit ding ipinapakita ng mga pamilyang Pilipino ang pagmamahal at pag-aalaga sa isa't isa sa pamamagitan ng pagtutulungan pagbibigayan at pagdarasal sa kaligtasan ng bawat kasapi ng pamilya. Ang pagpapahalaga sa pamilya at pagiging malapit sa bawat isa ay malaking bahagi ng kanilang pananampalataya at pagkakakilanlan bilang isang lipunan.

3. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin

Panuto: I-*decode* ang sumusunod na mga salita na matatalakay sa pagpapatuloy ng aralin. Gamiting gabay ang katumbas na bilang ng bawat letra.

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14

Gamiting gabay ang nilalaman ng aralin na ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring magdagdag ng mga nilalaman upang higit na mapalalim ang talakayan.

Maaaring gumamit ng integrasyon ng teknolohiya sa paglalahad ng gawain na ito.

	<table><tr><th>O</th><th>P</th><th>Q</th><th>R</th><th>S</th><th>T</th><th>U</th><th>V</th><th>W</th><th>X</th><th>Y</th><th>Z</th></tr><tr><td>15</td><td>16</td><td>17</td><td>18</td><td>19</td><td>20</td><td>21</td><td>22</td><td>23</td><td>24</td><td>25</td><td>26</td></tr></table> 1. $\overline{7} \overline{12} \overline{15} \overline{2} \overline{1} \overline{12} \overline{9} \overline{19} \overline{1} \overline{19} \overline{25} \overline{15} \overline{14}$ - Ito ay isang proseso ng pagsasama-sama at pag-uugnay ng mga ekonomiya, kultura, at lipunan sa buong mundo. 2. $\overline{13} \overline{15} \overline{4} \overline{5} \overline{18} \overline{14} \overline{9} \overline{19} \overline{1} \overline{19} \overline{25} \overline{15} \overline{14}$ - Ito ay ang proseso ng pag-unlad ng isang bansa upang makasabay sa pagbabagong teknolohikal at ekonomikal. 3. $\overline{13} \overline{9} \overline{7} \overline{18} \overline{1} \overline{19} \overline{15} \overline{14}$ - Ito ay ang proseso ng paglipat ng mga tao mula sa isang lugar patungo sa isa pa. Pamprosesong katanungan: 1. Ano ang masasabi mo ukol sa gawain? 2. Naging madali ba para sa iyo ang pag-<i>decode</i> ng mga salita? Ano ang nakatulong sa iyo para maisagawa ito ng mabilis at mahusay?	O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26	Susi ng Pagwawasto: 1. GLOBALISASYON 2. MODERNISASYON 3. MIGRASYON
O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z															
15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26															
C. Paglinang at Pagpapalalim	Ikalawang Araw Kaugnay na Paksa 1: Ang pamilya at ang Pananampalataya Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain. 1. Pagproseso ng Pag-unawa Panuto: Ayusin ang mga parirala upang mabuo ang tanyag o sikat na kasabihan tungkol sa pamilya at pananampalataya. <table><tr><td>ng payapa</td><td>Ang pamilyang</td><td>ay namumuhay</td></tr></table>	ng payapa	Ang pamilyang	ay namumuhay	Gamiting gabay ang mga gawain upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Muling gamitin ang mga salita sa paghawan ng bokabulryo upang higit na matandaan ang mga kaulugan nito. Ang mga gawain ay bukas upang baguhin, dagdagan, o																					
ng payapa	Ang pamilyang	ay namumuhay																								

	nagdarasal ng sama-sama at masaya. Salin: <i>The family that prays together, stays together.</i> Ang pananampalataya sa pamilyang Pilipino ay parang isang gabay na nagtuturo sa atin ng tama at mali. Ito ay parang isang ilaw na nagpapaliwanag sa ating landas. Sa pamilyang Pilipino, mahalaga ang pananampalataya dahil ito ang nagtuturo ng pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Kapag may pananampalataya tayong, natututunan natin ang mga bagay tulad ng pagiging mabuti, may malasakit, at pagmamahal sa isa't isa. Ang pananampalataya ay hindi lamang tungkol sa pagdadasal at pagsisimba, kundi tungkol din sa pagtitiwala sa isa't isa at pagtutulungan sa panahon ng mga problema. Ito rin ang nagpapalakas sa ating pagkakaisa bilang isang pamilya. Kaya't kahit sa mga simpleng bagay tulad ng pagdarasal bago kumain, pag-aalay ng pasasalamat, o pagtulong sa mga nangangailangan, ipinapakita natin ang ating pananampalataya bilang mga miyembro ng pamilyang Pilipino. Sa madaling salita, ang pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng ating buhay na nagsisilbing gabay tungo sa paggawa ng kabutihan at nagpapatibay sa ugnayan ng pamilya. Ito ang nagpapalakas ng ating loob sa panahon ng hirap at ginhawa. Nagpapatibay din ito ng pagmamahalan sa loob ng tahanan. 2. Pinatnubayang Pagsasanay	palitan ayon sa pangangailangan o ikakabuti ng mga ma-aaral. <i>Susi ng Pagwawasto:</i> Ang pamilyang nagdarasal ng sama-sama ay namumuhay ng payapa at masaya.
--	---	---

Panuto: Punan ang *graphic organizer* sa ibaba. Isulat sa bawat haligi ng bahay ang mga maaaring maging bunga ng pagkakaroon pananampalataya sa Diyos ng bawat miyembro ng pamilya.



3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Maghanap ng mga larawan ng inyong pamilya o mga larawan ng bawat miyembro ng pamilya. Idikit ito sa paraang *collage* kung saan mabubuo ang isang bagay na maaaring maging simbolo ng inyong pananampalataya. Sa ibaba ng nabuong simbolo ay ipaliwanag kung bakit ito ang nagbibigay pakahulugan sa

Sa gawaing ito, maaaring gawing takdang-aralin sa nakaraang araw ang pagpapadala sa mga bata ng larawan ng kanilang itinuturing na pamilya. Walang pamantayan sa gawain na ito dahil walang mali o tama sa

	inyong pananampalataya bilang isang pamilya. Gumamit ng walo hanggang sampung pangungusap sa pagpapaliwanag. Maghanda sa pagbabahagi ng natapos na gawain sa klase. Kaugnay na Paksa 2: Mga banta sa pamilyang Pilipino sa paghubog ng pananampalataya Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain 1. Pagproseso ng Pag-unawa Panuto: Gamit ang dikyunaryo o mga iba pang pinagkukunan sa <i>internet</i>. Hanapin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita. Humanda sa pagbabahagi ng iyong sagot sa klase. 1. Globalisasyon - _____ Pinagkunan: _____ 2. Modernisasyon - _____ Pinagkunan: _____ 3. Urbanisasyon - _____ Pinagkunan: _____ 4. Migrasyon - _____ Pinagkunan: _____ Ang mga banta sa pananampalataya ng pamilyang Pilipino ay maaaring magmula sa mga panlabas na pwersa o sa loob mismo ng pamilya. Narito ang ilan sa mga pangunahing banta sa pamilyang Pilipino: 1. Globalisasyon at Modernisasyon: Ang pagdating ng mga modernong ideya at paniniwala mula sa iba't ibang kultura, kasama na ang impluwensiya ng teknolohiya at mass media, ay maaaring magdulot ng pagbabago o paghihina ng tradisyonal na pananampalataya ng pamilyang Pilipino. 2. Urbanisasyon at Migrasyon: Ang migrasyon ng mga pamilya mula sa probinsya tungo sa mga urbanong lugar o pag-alis ng ilang miyembro ng pamilya patungo sa ibang bansa para sa trabaho ay maaaring magdulot ng pagkalimot o paglayo sa mga tradisyonal na kaugalian at pananampalataya ng pamilya.	pagbibigay pakahulugan ng mga bata sa sariling pananampalataya ng kanilang pamilya. Ang gawain na ito ay maaaring makatulong sa mga bata upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pananaliksik at pagiging maalam sa pagtukoy kung ang isang mapagkukunan ay lehitimo at mapagkakatiwalaan. Ihambing ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral sa mga nilalaman na nasa ibaba.
--	--	--

3. Pag-usbong ng iba't ibang sekta o organisasyong panrelihiyon: Ang Pilipinas ay isang bansa na may iba't ibang relihiyon at paniniwala. Ang pagkakaroon ng mga kaibahan sa pananampalataya sa loob mismo ng pamilya, tulad ng pagiging Katoliko, Protestante, Muslim, o iba pa, ay maaaring magdulot ng tensyon o hidwaan sa loob ng tahanan.

4. Pag-aasawa sa labas ng Pananampalataya: Ang pag-aasawa ng isang miyembro ng pamilya sa labas ng kanilang relihiyon o pananampalataya ay maaaring magdulot ng alinlangan o hindi pagkakaintindihan sa loob ng pamilya, lalo na kung hindi tinatanggap ng lahat ang pagbabago na ito.

Sa kabila ng mga banta na ito, mahalaga pa rin ang pagmamahalan, respeto, at pag-unawa sa loob ng pamilya upang mapanatili ang kalakasan ng kanilang pananampalataya at ugnayan. Ang pagiging bukas at pagtanggap sa mga kaibahan ay mahalaga upang malabanan ang mga hamon sa paghubog ng pananampalataya sa loob ng pamilya.

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kwento. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Si Hanna at Si Lola Helena

Ni Marie Shane L. Cunanan, MLQES – SDO Manila

Si Hanna ay isang mag-aaral sa ikalimang baitang na nag-aaral sa Maynila. Siya ay nagmula sa probinsiya ng Iloilo kasama ang kaniyang Lola Helena. Ngunit siya ay lumuwas ng Maynila para makasama ang kaniyang mga magulang at nakababatang kapatid na si Carlo. Nakaugalian na ni Hanna na mag-chat sa kanyang lola para ikwento dito ang mga pangyayari sa kanya.

Kumusta na po kayo? Nasa ikatlong Linggo na namin dito sa aming bagong tahanan. Napansin ko po na si Carlo ay mahilig gumamit ng gadyet at manood ng mga palabas kaya tila nalilimutan na niya magdasal bago kumain, matulog at sa aming paggising. Ngunit simula ng ako'y makita niya na ginagawa ang pagdarasal, nagtanong po siya tungkol dito at tinuruan ko siya at sabay na namin itong ginagawa. Natuwa po si nanay at tatay nang mapansin ito. Mag-iingat ka po palagi Lola!

Naalala kita kanina Lola dahil nakakita ako ng iyong paboritong suman na binibili natin sa tapat ng simbahan tuwing araw ng Linggo. Namimiss na po kita Lola. Si Nanay at Tatay ay maraming ginagawa sa kanilang trabaho kaya po hindi na kami nakakapagsimba palagi. Ngunit ngayong araw ay masaya ako dahil nakapagsimba kami. Si Carlo nga po lola ay hindi pa sanay sa mga dapat gawin tuwing nasa simbahan kaya po itinuturo ko ito sa kaniya. Kaya binilan po siya ni nanay at tatay ng lobo pagkatapos ng misa.

Tuwang-tuwa si Lola Helena nang mabasa niya ang mga pinadalang mensahe ni Hanna. Sa isip niya ay talagang may mga pagbabago sa buhay ni Hanna sa Maynila lalo na at mayroong maliit na pagkakaiba ang pamumuhay doon kaysa sa pamumuhay nila sa probinsiya. Siya ay masayang sumagot sa mga mensahe ng kaniyang apo na si Hanna.

Namimiss din kita. Masaya ako at tinuturuan mo si Carlo sa pagdarasal at sa mga dapat gawin sa loob ng simbahan. At kayo ay nakapagsisimba parin tuwing Linggo. Iyan ay mahalaga upang mas maging matibay ang samahan ng inyong pamilya at ng inyong pananampalataya sa ating Panginoon. Mag-iingat kayo diyan palagi. Iintayin kita na pumunta rito sa bakasyon.

Mga Katanungan:

1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
2. Saan pumunta si Hanna?
3. Bakit kaya nalilimutan na ni Carlo ang pagdarasal?
4. Bakit minsan nalang nakapagsisimba tuwing araw ng Linggo sina Hanna?
5. Sa iyong palagay, kung si Hanna ay lumaki sa Maynila na hindi kasama ang kaniyang Lola Helena, siya ba ay magiging madasalin? Bakit?
6. Sino sa mga tauhan ang maiuugnay mo sa iyong sarili? Bakit?

7. Bakit mahalagang maipakita ng pamilya ang pagkakaroon ng pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok o pagbabago na kanilang kinakaharap?

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Pagnilayan ang larawan sa ibaba. Isulat sa kahon ang mga suliranin o banta na maaaring makaapekto sa paghubog ng pananampalaya sa pamilya. Magtala ng lima o higit pa.



Ikatlong Araw

Kaugnay na Paksa 3: Mga gawaing nagpapatatag ng pananampalataya sa loob ng isang pamilya

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Panuto: Panoodin at suriin ang maikling bidyu. Sagutin ang mga katanungan pagkatapos.



Pamagat: Basta't magkakasama, Kainang Pamilya Mahalaga

May-akda: Lucky Me! - Youtube Channel

Maikling Paglalarawan ng Bidyu: Kahit saan, kahit anong oras, kahit anong handa - ang mahalaga magkasama-sama ang pamilya. Ang bidyu ay nagpapakita ng sama-samang pagkain ng bawat pamilyang Pilipino, gaano man kalaki o kaliit ito, anomang uri ng pamilya mayroon.

Link: https://www.youtube.com/watch?v=K7_DVikMXM8

Mga Gabay na tanong:

1. Tungkol saan ang bidyung ating pinanood?
2. Aling bahagi ng bidyu ang nakatawag ng iyong pansin? Bakit?
2. Anong mga pagpapahalaga ang nais iparating ng bidyu?
4. Bakit mahalagang sama-sama at nagtutulungan ang pamilya sa kabila ng mga pagsubok at pagbabagong kanilang kinakaharap?

Ang pagpapalakas ng pananampalataya sa loob ng isang pamilya ay isang mahalagang bahagi ng pagpapatatag ng samahan at pag-unlad ng bawat isa. Narito ang ilang mga gawaing maaaring makatulong sa pagpapalakas ng pananampalataya sa loob ng pamilya:

1. Pagdarasal - Isa itong paraan ng pakikipag-usap sa Diyos. Kapag nagdarasal tayo bilang pamilya, pinapakita natin ang pagmamahal at respeto sa Panginoon.

2. Pagsisimba o pagsamba ng sama-sama - Mahalaga ring magsimba kasama ng pamilya. Dito natin naririnig ang mga aral ng Diyos at nakakapagdasal na kasama ang ibang mga tao.

3. Pagbasa ng mga banal na aklat at babasahin - Ang banal na aklat ay puno ng mga kuwento at aral na maaaring gabayan tayo sa tamang pag-uugali at pananampalataya. Magandang gawain ito na maaaring gawin kasama ang buong pamilya. Mahalagang maituturo ng mga magulang o tagapangalaga sa mga nakakabatang kasapi ng pamilya ang kahulugan ng mga kuwento at aral mula sa mga banal na aklat at ang kaugnayan nito sa totoong buhay. Magsisilbing gabay sa mga kasapi ng pamilya ang mga aral sa banal na aklat tungo sa pagiging isang mabuting tao.

4. Pagtulong sa kapuwa - Kapag tumutulong tayo sa mga taong nangangailangan, ipinapakita natin ang pagmamahal at kagandahang-loob ng Diyos sa atin. Ito ay isa ring paraan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya.

5. Pagtanggap sa mga pagsubok - Hindi maiiwasan ang mga pagsubok sa buhay. Pero sa tulong ng Diyos at ng pamilya, kayang-kaya nating lagpasan ang mga ito at maging mas matatag sa ating pananampalataya.


Sa pamamagitan ng mga simpleng gawain na ito, maaaring maging mas matibay ang pananampalataya ng isang pamilya at magkaroon ng mas malalim na ugnayan sa Diyos at sa isa't isa.

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Panuto: Punan ang graphic organizer sa ibaba upang mabuo ang kaisipan tungkol sa mga gawaing isinasagawa ng pamilya upang mapatatag ang pananampalataya.



Relihiyong kinabibilangan:



Mga gawaing isinasagawa ng pamilya upang mapatatag ang pananampalataya

Maaaring pakulayan sa mga bata ang natapos na gawain upang mas maganda itong

tingnan. Maaaring isama ng guro sa pagmamarka ang pagiging malikhain ng mga mag-aaral.

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Likas sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso. Kaugnay ng kultura ang pananampalatayang kinabibilangan ng bawat Pilipino. At karamihan sa mga pagpapahalagang Pilipino na hindi sa pamilya natutuhan ay itinituro sa relihiyong kinabibilangan. Punan ang talahanayan sa ibaba upang higit mong matuklasan ang iyong mga pagpapahalaga. Gumawa ng maikling paghahambing sa mga pagpapahalagang natutunan sa pamilya at sa relihiyong kinabibilangan.

Mga Pagpapahalagang Natutunan sa Pamilya	Mga Pagpapahalagang Natutunan sa Relihiyong Kinabibilangan.
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

Paghahambing ng mga pagpapahaga:

D. Paglalahat

Ikaapat Araw

1. Pabaong Pagkatuto

Sa pagpapalakas ng pananampalataya sa pamilyang Pilipino, hindi maiiwasan na kaharapin ang mga hamon tulad ng modernisasyon, pagkakalayo ng mga miyembro, at mga pagbabago sa lipunan. Upang malampasan ito, mahalaga ang palagiang pagdarasal bilang isangpamilya, pagdalo sa mga gawaing panrelihiyon, pag-aaral ng Banal na Kasulatan, pagtuturo sa mga anak ng mga aral ng pananampalataya, at pagtulong sa iba. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, ang pamilya ay maaaring patatagin ang kanilang pananampalataya at magkaroon ng mas malalim na ugnayan sa Diyos at sa isa't isa.

2. Pagninilay sa Pagkatuto

Panuto: Gumawa ng isang poster na magpapakita ng tema:

“Ang Pananampalataya ng Pamilyang Pilipino: Mga Hamon at Gawaing Nagpapatatag nito”

Pamantayan sa Pagmamarka:

Puntos	Paksa/Tema	Pagkamalikhain	Kulay	Paglalatag ng Impormasyon
5	Malinaw at tuwiran ang mensahe na ipinapakita ng poster.	Mayroong mahusay na disenyo at naipapakita ang pagiging malikhain.	Ang kulay at mga iba pang element ng sinig ay nagbibigay ng lakas sa mensahe at nagpapalakas sa kabuuan ng poster.	Ang mga impormasyon ay nailahad ng maayos at madaling maintindihan.
4	Ang mensahe ay halos malinaw, ngunit maaaring may ilang aspeto na nakakalito.	Ang mga disenyo ay maayos na nagamit, ngunit maaaring kulang sa tingkad ng mensahe.	Ang kulay at iba pang elemento ng sining ay ginamit nang maayos, ngunit maaaring magdagdag pa ng ilang detalye.	Ang pagkakasunud-sunod ng impormasyon ay maayos, ngunit maaaring may ilang bahagi na nakakalito.
2-3	Ang mensahe ay hindi gaanong malinaw, may mga bahagi na	Mayroong ilang bahagi ng disenyo na hindi gaanong nakakapukaw ng pansin.	Mayroong ilang bahagi ng poster na kailangan pa ng dagdag na kulay at iba pang elemento ng sining.	Ang ilang impormasyon ay hindi gaanong maayos at walang kinalaman sa tema

Gamiting gabay ang nilalaman ng aralin na ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring magdagdag ng mga nilalaman o gumamit ng organizer sa paglalahad nito sa klase.

		hindi maintindihan.				
	0-1	Ang poster ay hindi nagbibigay ng malinaw na mensahe.	Ang disenyo ay hindi gaanong nakakatawag-pan sin at hindi kakaiba.	Ang paggamit ng kulay at iba pang element ng sining ay hindi gaanong epektibo o hindi naayon sa tema.	Ang pagkakasunud-sunod ng impormasyon ay hindi maayos at mahirap unawain.	
Kabuuang marka: _____						

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag. Isulat ang T sa patlang bago ang bawat bilang kung wasto ang isinasaad nito at M naman kung mali. 1. Ang pagtuturo sa mga anak ng mga aral ng pananampalataya ay hindi mahalaga sa pagpapalakas ng kanilang pananampalataya. 2. Ang modernisasyon at teknolohiya ay maaaring magkaroon ng epekto sa tradisyonal na mga gawain ng pananampalataya tulad ng pagdarasal at pagsisimba. 3. Ang pagkakalayo ng mga miyembro ng pamilya ay maaaring magdulot ng pagkakawatak-watak ng kanilang pananampalataya. 4. Ang globalisasyon ay hindi nakakaimpluwensya sa pananampalataya ng pamilyang Pilipino. 5. Ang isang pamilya ay maaring maging payapa at nagmamahalan kahit magkakaiba ang pananampalatayang kinabibilangan. 6. Ang pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay nakakasira sa ugnayan ng bawat kasapi ng pamilya. 7. Ang pagtulong sa iba, lalo na sa mga nangangailangan, ay maaaring magpapalakas ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at pagkalinga.	Ang bahagi ng leksyon na ito ang susukat sa pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa paksa. <i>Susi ng Pagwawasto:</i> 1. <i>M</i> 2. <i>T</i> 3. <i>T</i> 4. <i>M</i> 5. <i>T</i> 6. <i>M</i> 7. <i>T</i> 8. <i>T</i> 9. <i>T</i> 10. <i>T</i>

8. Ang pagtanggap at pagsulong sa mga hamon ng buhay bilang isang pamilya ay maaaring magpapalakas ng kanilang pananampalataya.
9. Ang pagsamba o pagsisimba ay isang gawaing nagpapatatag sa paghubog ng pananampalataya sa loob ng pamilya.
10. Kapag nagdarasal tayo bilang pamilya, pinapakita natin ang pagmamahal at respeto sa Panginoon.

2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin

Panuto: Matapos matalakay at matutunan ang mga hamon na kinakaharap ng pamilyang Pilipino sa paghubog ng pananampalataya, alin sa mga ito ang naranasan na ng inyong pamilya. Isalaysay ito pati na rin ang mga hakbang na inyong isinagawa upang malampasan ang mga ito. Gumamit ng 10 hanggang 15 pangungusap sa iyong sanaysay.

Sanaysay:

Pamantayan		Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Nailalahad nang maayos at maliwanag ang bawat konsepto.	5	
Organisasyon at Bararila	Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng	3	

	<table><tr><td></td><td>wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.</td><td></td><td></td></tr><tr><td>Orihinalidad</td><td>Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.</td><td>2</td><td></td></tr><tr><td colspan="2">Kabuuan</td><td>10</td><td></td></tr></table>		wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.			Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	2		Kabuuan		10		
	wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.													
Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	2												
Kabuuan		10												
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ring maging isa sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.										
	Estratehiya													
	Kagamitan													
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral													
	At iba pa													
C. Pagninilay	Gabay sa Pagninilay: Prinsipyo sa pagtuturo Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?			Ang mga tala sa bahaging ito ng banghay-aralin ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa										

	<i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>	pagsasagawa ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng kabatiran o natutuhan ng gurohabang isinasagawa ang pagtuturo.
--	---	--

<i>Inihanda ni:</i> Ace Adaya Sarmiento	<i>Sinuri ni:</i> Elanor O. Bayten
<i>Institusyon:</i> Manuel L. Quezon Elementary School (SDO Manila)	<i>Institusyon:</i> Pamantasang Normal ng Pilipinas